Rudiments of SIMPLIFIED PATTERN MAKING of LADIES' WEAR

(in Pilipino)

MADALING SUNDAN
MADALING INTINDIHIN
MADALING TANDAAN
DETALYADO AT WASTONG PADRON



Chic R. Francisco

Philippine Copyright c 2006 by Golden Ideas Publishing House, Inc.

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced or transmitted in any form or by any means, electronic or mechanical including photocopying, recording, or any information storage or retrieval system, without permission in writing from the publisher.

ISBN 971-91349-9-2

Published By:

Golden Ideas Publishing House, Inc.
Inner Ground Floor, Lunarosa Building
1913 Taft Avenue, Malate, Manila
Philippines

golden.ideas@yahoo.com
www.booksonfashion.info
www.goldenhandsschool.edu.ph

Table of Contents
Nilalaman ng mga Pahina

Pangkalahatan Kaalaman	*1*
Ang Pagsukat	*5*
Damit na May Baywang	*7*
Paano Gawin ang Padron ng mga 'Facings'	*30*
Derechong Blusa na Walang 'Bust Darts' Mayroon Kuwelyo	*31*
Kuwelyo	*46*
'Peter Pan Collar'	*48*
Manggas	*49*

Tape measure.
Medida o panukat. *Ito ay ginagamit para makuha ang sukat at mailipat ang sukat sa padron na papel. Huwag gamitin ang panraya* (ruler) *sa paglipat ng sukat ng katawan sa padron na papel, sa halip ay gamitin ang medida para uniporme parati ang sukat at hindi paibaiba ang ginagamit na panukat. Gumamit ng medida na may malinaw na markang sukat pulgada at sukat na sentimetro. Kapag naglilipat ng sukat ng katawan sa padron na papel, hindi kailangan magkuwenta* (compute) *kapag kailangan hatiin ang sukat. Sa halip, ay tiklupin na lang ang medida sa gustong sukat.*

Halimbawa, para makuha ang 1/2 na sukat na hinihingi, tiklupin ang medida na isang beses na ang dulo ng medida ay babagsak sa sukat na kailangan. Ilipat itong 1/2 na sukat na hinihingi sa padron na papel at markahan ang papel.



Para makuha ang 1/4 na sukat na hinigingi, tiklupin ang medida ng 1/2 sa kailangan sukat, at ulit tiklupin ang medida ng 1/2 pa. Lalabas na itong natiklup na medida ay may apat na hati. Ilipat itong 1/4 na sukat na hinihingi sa padron na papel at markahan ang papel.



Para makuha ang 1/3 na sukat na hinigingi, tiklupin ang medida sa tatlong pare-parehong parte. Bawat isang parte nitong tatlong parte ay 1/3 ang sukat. Ilipat itong 1/3 na sukat na hinihingi sa padron na papel at markahan ang papel.

Kailangang Sukat



1/3 ng Kailangang Sukat



HOW TO READ YOUR TAPE MEASURE IN INCHES
PAGBASA NG MEDIDA KAPAG SUKAT SA PULGADA ANG GAGAMITIN

Tunay na Sukat



HOW TO READ THE TAPE MEASURE IN CENTIMITERS
PAGBASA NG MEDIDA SA SENTIMETRO

Pinalaki



Ang paglipat ng pulgada sa sentimetro ay pinilit na maging katugmang katugma (halimbawa 2 na pulgada (5.1 sm.), pero minsan ay ito ay ginagawa na lang humigit kumulang kung hindi naman maapektohan ang sukat (halimbawa 2 na pulgada (5 sm.).

* HOW TO MEASURE
Ang Pagsukat



HOW TO MEASURE
ANG PAGSUKAT

Sh **(Shoulder)** ***Balikat (A):*** ***Ilapat*** *ang medida panimula sa dulo ng balikat na dumadaan sa batok patunggo sa kabilang dulo ng balikat.*

BC **(Back Chest)** ***Likod na Dibdib (B):*** ***Ilapat*** *ang dulo ng medida sa linya ng likod ng kaliwang kilikili (dugtungan ng manggas) hanggang sa dulo ng linya ng likod ng kanang kilikili (dugtungan ng manggas).*

FC **(Front Chest)** ***Harap na Dibdib (C):*** ***Ilapat*** *ang dulo ng medida sa linya ng harap ng kaliwang kilikili (dugtungan ng manggas) hanggang sa dulo ng linya ng likod ng kanang kilikili (dugtungan ng manggas).*

B **(Bust)** ***Dibdib (D):*** ***Ilapat*** *ang medida sa lugar ng suso, na umiikot ang medida sa likod, tagiliran at harap o sa kabilugan ng dibdib.*

TB **(Tip of Bust)** ***Dulo ng Suso (E):*** ***Ilapat*** *ang medida sa gitna ng kanan na balikat hanggang sa dulo ng suso.*

DB **(Distance of Bust)** ***Distansiya ng Suso (F):*** ***Ilapat*** *ang dulo ng medida sa dulo ng kanan na suso hanggang sa dulo ng kaliwa na suso.*

EL **(Empire Level)** ***Kalapatan ng Emperador (G):*** ***Ilapat*** *ang dulo ng medida sa gitna ng kanan na balikat hanggang sa dulo ng suso papunta sa kapantayan ng ilalim ng suso.*
MULA BALIKAT HANGGANG ILALIM NG SUSO.

EC **(Empire Circumference)** ***Kabilugan ng Emperador (H):*** ***Ilapat*** *ang medida sa kapantayan ng emperador na umiikot ang medida sa likod, tagiliran at harap o a kabilugan ng sukat ng emperador.*

FF **(Front Figure)** ***Harap na Pigura (I):*** ***Ilapat*** *ang dulo ng medida sa gitna ng kanan harap na balikat hanggang sa dulo ng suso papunta sa kapantayan ng baywang.*
MULA BALIKAT HANGGANG BEWANG.

Bf **(Back Figure)** ***Likod na Pigura (J):*** ***Ilapat*** *ang dulo ng medida sa gitna ng kanan likod na balikat hanggang sa dulo ng kapantayan ng baywang.*
SIMULA BATOK HANGGANG SIKO

W **(Waist)** ***Baywang (K):*** ***Ilapat*** *ang medida sa kapnatayan ng baywang at ipaikot ang medida sa likod, tagiliran at harap ng baywang o sa buong kabilugan ng baywang.*
circumference

1H **(First Hip)** ***Unang Balakang (L):*** ***Ilapat*** *ang medida sa kapantayan ng unang balakang na nasa may kabilugan ng tiyan.* (circumference)
SIMULA WAIST LINE UP TO 4 INCH DOWN.

(Second Hip) *Pangalawang Balakang (M):* ***Ilapat*** *ang medida sa kapatayan ng panggalawang balakang na nasa may kabilugan ng puwet. Kung ang tiyan ay mabilog, magdadag ng 2 na pulgada (5.1 sm.) o mahigit pa hanggang umaabot sa kaluwagan ng kabilugan ng usbong ng tiyan. Itong pagdadag ng sukat ay para hindi humapit ang damit sa bandang tiyan.*

(Short Skirt) *Maigsing Palda (N):* ***Ilapat*** *ang medida sa kapantayn ng baywang hanggang sa gustong haba ng maigsing palda.*

(Long Skirt) *Mahabang Palda (O):* ***Ilapat*** *ang medida sa kapantayan ng baywang hanggang sa gustong haba ng mahabang palda.*

(Armhole) *Butas para sa Braso (P):* ***Ipatong*** *ang dulo ng medida sa kanang balikat at ipaikot ang medida na hapit sa kabilugan ng braso dumadaan sa kilikili hanggang umabot uli sa dulo ng medida na nakapatong sa balikat.*

(Length of Short Sleeve) *Haba ng Maigsing Manggas (Q):* ***Ilapat*** *ang medida sa dulo ng balikat hanggang sa gustong haba ng maigsing manggas.*

(Fullest Arm Circumference) *Kabilugan ng Kapunuang Braso (R):* ***Ipaikot*** *ang medida sa kabilugan ng kapunuang braso. Kunin yuon luwag na gustong gamitin sa laylayan ng maigsing manggas.*

(Elbow Length) Haba ng Siko *(S):* ***Ilapat*** *ang medida sa pinakadulo ng balikat hanggang sa dulo ng siko.*

(Three-fourth Length) *Haba na 3/4 ng Haba ng Braso (T):* ***Ilapat*** *ang medida sa pinakadulo ng balikat hanggang sa dulo ng 3/4 ng haba ng braso.*

(Three-fourth Circumference) *Kabilugan na 3/4 ng Haba ng Braso (U):* ***Ipaikot*** *ang medida sa dulo ng kabilugan na 3/4 ng haba ng braso.*

(Long Sleeve Length) *Haba ng Mahabang Manggas (V):* ***Ilapat*** *ang medida sa pinakadulo ng balikat hanggang sa ilalim ng galanggalangan (wrist).*

(Wrist) *Galanggalangan (W):* ***Ipaikot*** *ang medida sa kabilugan ng galanggalangan.*

(Neck) *Leeg (X):* ***Ipaikot*** *ang medida sa ilalim ng kabilugan ng leeg at ipasok ang dalawang daliri sa loob ng medida para hindi masikip ang sukat ng leeg.*

BASIC DRESS WITH WAISTLINE
DAMIT NG MAY BAYWANG

Front Bodice Pattern.
Pangtaas na Harap na Padron.



Guide Line.
Batayan na Linya.

A *Galing sa taas na kanto ng padron na papel,* ***bumaba*** *ng* ***1 na pulgada*** *(2.5 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***A****. Galing sa puntos A, gumuhit ng tuwid na linya na palabas na mga hanggang 10 pulgada (25.5 cm.).*

Neck.
Leeg.

B *Galing sa puntos* ***A****,* ***lumabas*** *ng* ***2½ na pulgada*** *(6.4 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***B****.*

C *Galing sa puntos* ***A****,* ***bumaba*** *ng* ***3 na pulgada*** *(7.6 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***C****.*

D *Galing sa puntos* ***C****,* ***lumabas*** *ng* ***2 ½ na pulgada*** *(6.4 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***D****.*

B-D ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***B*** *at* ***D*** *ng tuwid na guhit.*

C-D ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***C*** *at* ***D*** *ng tuwid na guhit.*

E *Galing sa puntos* ***D****,* ***tumaas*** *ng pahilis na* ***1 na pulgada*** *(2.5 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***E****.*

E1 *Galing sa puntos* ***B****,* ***bumaba*** *ng* ***½ na pulgada*** *(1.3 sm.)* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***E1****.*

E2 *Galing sa puntos* ***C****,* ***lumabas*** *ng* ***½ na pulgada*** *(1.3 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***E2****.*

Neck Line Curve.
Kurba ng Leeg.

B-E1 ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***B*** *at* ***E1*** *ng tuwid na guhit.*

E1-E ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***E1*** *at* ***E*** *na maypagka kurbadong guhit na humibilog sa bandang puntos* ***E.***

E-E2 ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***E*** *at* ***E2*** *na bilugang guhit sa bandang puntos* ***E*** *at itong guhit ay ituloy na pabahagyang kurba pag padating sa puntos* ***E2.***

E2-C ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***E2*** *at* ***C*** *ng tuwid ng guhit.*

Shoulder.
Balikat.

F *Galing sa puntos* ***A,*** ***kunin*** *ang kalahating sukat ng balikat.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***F.***

G *Galing sa puntos* ***F,*** ***bumaba*** *ng 1 ¾* ***na pulgada*** *(4.4 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***G.***

B-G ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***B*** *at* ***G*** *ng tuwid na guhit. Ito ay magiging guhit ng balikat.*

Adjustment of Neck Line Curve.
Pag-aakma o Pag-aayos ng Kurba ng Linya ng Leeg.



*Ang pag-akma o ayos ng guhit ng leeg ay kapag ang guhit ng balikat ay nagawa na. Ito ay importante para ang angulo ng guhit ng balikat ay hindi maiba. Sa ilustrasyon ng guhit ng leeg sa nakaraang pahina, yaong sukat ng pigurang maliit (small) ang ginamit, kaya ang pag-aakma o pag-sasaayos ay kakailanganin sa mga ibang sukat ng figura. Bawat isang pag-aakma o pag-sasaayos ng bawat isang sukat ng pigura ay may ¼ na pulgada (0.6 sm.) ang ina-akma o isina-saayos sa puntos **B** at puntos **C** sa bawat relasyon nang mga sukat ng mga pigura. Para sa ekstra na maliit na pigura, ituloy ang guhit pataas para mapanatili ang angulo ng linya at iakma o isaayos ng 1 na pulgada (0.6 sm.) sa puntos **B**. Pagkatapos ay **pagdugtungin** ang mga puntos na ini-akma o isina-ayos. **Markahan** uli ang ini-akma o isina-ayos na mga kanto na mga puntos **B** at **C**.*

Front Chest Level for Dress without Sleeves.
Kapantayan 'level' ng Itaas na Harap ng Dibdib 'front chest' na Walang Manggas

H *Galing sa puntos **A**, **bumaba** ng...*

4 ½ na pulgada (10.2 sm.)	*para sa ekstra na maliit na pigura*
4 ½ na pulgada (11.4 sm.)	*para sa maliit na pigura*
5 na pulgada (12.7 sm.)	*para sa katamtaman na pigura*
5 ½ na pulgada (14 sm.)	*para sa malaki na pigura*
6 na pulgada (15.2 sm.)	*para sa ekstra na malaki na pigura*

(***O...***)

Front Chest Level for Dress with Sleeves.
Kapantayan ng Itaas na Harap ng Dibdib na may Manggas.

H *Galing sa puntos **A**, **bumaba** ng...*

4 ½ na pulgada (11.4 sm.)	*para sa ekstra na maliit na pigura*
5 na pulgada (12.7 sm.)	*para sa maliit na pigura*
5 ½ na pulgada (14 sm)	*para sa katamtaman na pigura*
6 na pulgada (15.2 sm.)	*para sa malaki na pigura*
6 ½ na pulgada (16.5 sm.)	*para sa ekstra na malaki na pigura*

***Markahan** ito ng puntos **H**. Galing sa puntos **H**, **gumuhit** ng tuwid na linya na mga hanggang 10 na pulgada (25.5 sm.) palabas.*

H1 *Galing sa puntos **F**, **gumuhit** ng tuwid na linyang **putol-putol** patungo sa kapantayan (level) ng itaas ng harap na dibdib.*

H2 *Galing sa puntos **H**, **kunin** ang 1/2 ng sukat ng kapantayan (level) ng itaas ng harap na dibdib. **Markahan** ito ng puntos **H2**. [Kapag ang sukat ng kapantayan (level) ng itaas ng harap na dibdib ay wala, gamitin na lang ang saligan (standard), na ibig sabihin galing sa puntos **H1**, **lumabas** ng **¾ na pulgada** (1.9 sm.) o hanggang **1 na pulgada** (2.5 sm.). Ang puntos **G**, ay dapat ay bumagsak sa putol-putol na linya.] **Markahan** ito ng puntos **H2**.*

Armhole Level/Bust Level for Dress without Sleeves.
Kapantayan ng "Armhole"/Kapantayan ng Kabilugan ng Dibdib sa Damit na Walang Manggas.

I *Galing sa puntos **A**, **bumaba** ng...*

7 na pulgada (17.8 sm.)	*para sa ekstra na maliit na pigura*
7 ½ na pulgada (19.1 sm.)	*para sa maliit na pigura*
8 na pulgada (20.3 sm.)	*para sa katamtaman na pigura*
8 ½ na pulgada (21.6 sm.)	*para sa malaki na pigura*
9 na pulgada (22.9 sm.)	*para sa ekstra na malaki na pigura*

O....

Armhole Level/Bust Level for a Dress with Sleeves.
Kapantayan ng 'Armhole'/ Kapantayan ng Kabilugan ng Dibdib sa Damit na may Manggas.

I *Galing sa puntos **A**, **bumaba** ng...*

7 ½ na pulgada (19.1 sm.)	*para sa ekstra na maliit na pigura*
8 na pulgada (20.3 sm.)	*para sa maliit na pigura*
8 ½ na pulgada (21.6 sm.)	*para sa katamtam na pigura*
9 na pulgada (21.9 sm.)	*para sa malaki na pigura*
9 ½ na pulgada (24.1 sm.)	*para sa ekstra na malaki na pigura*

***Markahan** ito ng puntos **I**. Galing sa puntos **I**, **gumuhit** ng tuwid na linya na mga hanggang 15 na pulgada (38 sm.) ang haba. Ito ang magiging kapantayan ng 'armhole' at kapantayan ng 'bust'. [**Para maging simple:** Ang agwat ng kapantayan ng harap at likod 'armhole' ay 1 na pulgada (2.5 sm.). At ang agwat ng kapantayan sa damit na walang manggas at sa damit na may manggas ay ½ na pulgada (1.3 sm.) sa bawat sukat ng pigura.]*

Bust for Fitted (around the bust) Dress without Sleeves.
Kabilugan ng Dibdib para sa Hapit na Damit na walang Manggas.

I1 *Galing sa puntos **I**, **kunin** ang 1/4 na sukat ng kabilugan ng dibdib. **Markahan** ito na puntos **I1**.*

I2 *Galing sa puntos **I1**, **lumabas** ng ½ na pulgada (1.3 sm.), para sa kaalwanan kabilugan ng dibdib. [Itong dinagdag na ½ na pulgada (1.3 sm.) ay hiniram sa padron ng likod]. **Markahan** ito ng puntos **I2**.*

Bust for Relaxed (around the bust) Dress without Sleeves.
Kabilugan ng Dibdib para sa Maalwan na Damit na walang Manggas.

I1 *Galing sa puntos **I**, **magdagdag** ng 1 na pulgada (2.5 sm.) sa sukat ng kabilugan ng dibdib. Pagkatapos magdagdag ng 1 na pulgada (2.5 sm.), **kunin** ang 1/4 na sukat ng kabilugan ng dibdib. **Markahan** ito ng puntos **I1**.*

I2 *Galing sa puntos **I1**, **lumabas** ng ½ na pulgada (1.3 sm.), para sa kaalwanan ng dibdib. [Itong ½ na pulgada (1.3 sm.) na idinagdag ay hiniram sa likod ng padron.] **Markahan** ito ng puntos **I2**.*

O....

Bust for Fitted Dress (around the bust) with Sleeves.
Kabilugan ng Dibdib para sa Hapit na Damit ng may Manggas.

I1 *Galing sa puntos **I**, **magdagdag** ng 2 na pulgada (5.1 sm.) sa sukat ng dibdib. Pagkatapos magdagdag ng 2 na pulgada (5.1 sm.) sa sukat ng kabilugan ng dibdib, **kunin** ang 1/4 na sukat ng kabilugan ng dibdib. **Markahan** ito ng puntos **I1**.*

I2 *Galing sa puntos **I1**, **lumabas** ng ½ na pulgada (1.3 sm.) para sa kaalwanan ng kabilugan ng dibdib. [Itong ½ na pulgada (1.3 sm.) ay hiniram sa likod na padron.] **Markahan** ito ng **I2**.*

Armhole Curve for a Dress without Sleeves.
Kurbada ng Butas ng Braso 'Armhole' para sa Damit na walang Manggas.

J *Galing sa puntos **H2**, **gumuhit** ng tuwid na linya na putol-putol patungo sa kapantayan (level) ng kabilugan ng dibdib na nasa mga puntos **I** at **I2**. **Markahan** ito ng puntos **J**.*

J1 *Galing sa puntos **H2**, **bumaba** ng ¾ na pulgada (1.9 sm.). **Markahan** ito ng **J1**. Ang kurba ng 'armhole' ay nagiiba depende sa mga sukat na ginamit.*

J2 *Sa pamamagitan ng paggamit ng pamantayang sukat ng damit na walang manggas, galing sa puntos* ***J, tumaas*** *ng palihis...*

½ na pulgada (1.3 sm.)	*para sa ekstrang maliit na pigura*
¾ na pulgada (1.9 sm.)	*para sa maliit na pigura*
1 na pulgada (2.5 sm.)	*para sa katamtaman na pigura*
1 ¼ na pulgada (3.2 sm.)	*para sa malaking pigura*
1 ½ na pulgada (3.8 sm.)	*para sa ekstrang malaking pigura*

Armhole Curve for a Dress with Sleeves.
Kurbada ng Butas ng Braso (Armhole) para sa Damit na may Manggas.

J2 *Sa pamamagitan ng paggamit ng pamantayang sukat ng* ***damit na may manggas****, galing sa puntos J,* ***tumaas*** *ng palihis....*

¾ na pulgada (1.9 sm.)	*para sa ekstrang maliit na pigura*
1 na pulgada (2.5 sm.)	*para sa maliit na pigura*
1 ¼ na pulgada (3.2 sm.)	*para sa katamtaman na pigura*
1 ½ na pulgada (3.8 sm.)	*para sa malaking pigura*
1 ¾ na pulgada (4.4 sm.)	*para sa ekstrang malaking pigura*

Markahan *itong puntos* ***J2.*** ***Pagkabitin*** *ang mga puntos ng linya para makagawa ng kurbada ng 'armhole', gumamit ng 'free hand' o 'armhole curve ruler'.* ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***G*** *at* ***H2*** *ng bahagyang kurbada na linya.* ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***H2*** *at* ***J1*** *ng tuwid na linya.* ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***J1*** *at* ***J2*** *ng kurbadang linya, gawing mas mabilog ang linya patungong puntos* ***J2.*** ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***J2*** *at* ***I1*** *ng mas mabilog na linya sa bandang* ***J2.*** ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***I1*** *at* ***I2*** *ng tuwid na linya. (Para makamit ang makinis ng kurbang bilog, puwedeng ipagkabit ang puntos* ***J2*** *na dumadaan sa ibabaw o ilalim ng puntos ng J2 o sa mismong puntos* ***J2.****)*

Dart.
'Dart'.

K ***Galing*** *sa puntos* ***I2,*** ***humaba*** *ng ...*

2 ¼ na pulgada (5.7 sm.)	*para sa ekstrang maliit na pigura*
2 ½ pulgada (6.4 sm.)	*para sa maliit na pigura*
2 ¾ na pulgada (7.0 sm.)	*para sa katamtamang pigura*
3 na pulgada (7.6 sm.)	*para sa malaking pigura*
3 ¼ na pulgada (8.3 sm.)	*para sa ekstrang malaking pigura*

Markahan *ito ng puntos* ***K.***

K1 *Galing sa puntos* ***K, bumaba*** *ng 3 na pulgada (7.6 sm.), para sa palabis o pataan ng 'dart'.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***K1.***

K2 *Galing sa mga puntos na* ***K*** *at* ***K1, kunin*** *ang gitna.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***K2.***

Tip of Bust.
Tulis o Dulo ng 'Bust'.

L ***Kunin*** *ang gitna ng mga puntos* ***B*** *at* ***G*** *sa linya ng balikat.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***L.***

L1 ***Kunin*** *ang sukat ng tulis o dulo ng 'bust' (suso), sa pamamagitan ng paglapat ng medida o panukat ng damit sa puntos* ***L*** *na nakahilis ng konti patungo sa tulis o dulo ng dibdib (suso).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***L1.***

L2 *Galing sa puntos* ***L1, gumahit*** *ng tuwid na linyang putol- putol patungo sa gitna ng padron.* ***Markakan*** *ang krosing o pinagkurusan ng puntos* ***L2.*** *Galing sa puntos* ***L2, ituloy*** *ang putol-putol na linya na palabas na mga hanggang 3 na pulgada (7.6 sm.).*

Distance of the Bust.
Distansiya (agwat) ng 'Bust'.

M *Galing sa puntos* ***L2, kunin*** *ang 1/2 ng sukat ng distansiya (agwat) ng 'bust' (suso).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***M.*** *Ang puntos* ***M*** *ay ang kasimulaan ng puntos ng 'dart'.*

Dart Lines.
Linya ng mga 'Darts'.

M-K ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***M*** *at* ***K*** *ng tuwid na linya.*

M-K1 ***Pagkabitin*** *ang mga puntos na* ***M*** *at* ***K1*** *ng tuwid na linya.*

M-K2 ***Pagkabitin*** *ang mga puntos na* ***M*** *at* ***K2*** *ng tuwid na linya.*

Front Figure.
Harap na Pigura na Pangtaas.

N *Galing sa puntos* ***L, kunin*** *ang sukat ng harap na pigura na pangtaas sa pamamagitan ng paglapat ng medida o "tapemeasure" na nakahilis na bahagya,*

ito ay pinapakita sa larawan guhit ng putol-putol na linya. ***Markahan*** *ito ng puntos N.*

N1 *Galing sa puntos N,* ***gumuhit*** *ng tuwid na linya galing sa gitna ng harap ng padron.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***N1****. Pagkatapos ay* ***ituloy*** *ang tuwid na linya palabas na mga hanggang 10 na pulgada (25.5 sm.). Itong linyang ito ay magiging kapantayan (level) ng baywang.*

Waist.
Baywang.

O *Galing sa puntos* ***N1****,* ***kunin*** *ang 1/4 ng sukat ng baywang.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***O****.*

O1 *Galing sa puntos* ***O****,* ***lumabas*** *ng ¼ na pulgada (0.6 sm.) para sa kunting kaalwanan ng baywang.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***O1****.*

O2 *Galing sa puntos* ***N1****,* ***bumaba*** *ng ¼ na pulgada (0.6 sm.) para sa patag na tiyan, o ½ na pulgada (1.3 sm.) para sa mabilog na tiyan.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***O2****.*

O2-O1 ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***O2*** *at* ***O1*** *sa bahagyan kabilugan ng parte ng 'curve ruler'.*

Side Seam.
Dugtong sa Tagiliran.

M-K1 ***Tupiin*** *ang linya sa mga puntos* ***M*** *at* ***K1****.* ***Dalhin*** *ang tinuping linya na puntos* ***M - K1*** *patunggo sa linya ng mga puntos* ***M*** *at* ***K****.* ***Aspilihan*** *ang tupi.*



I2-O1 Pagkabitin *ang mga puntos* ***I2*** *at* ***O1*** *sa bahagyang uka ng 'curve ruler'.*



Habang naka aspili pa ang mga puntos ***M*** *at* ***K1*** *sa puntos* ***M*** *to* ***K, gupitin*** *ang harap na padron sa puntos* ***C*** *patungo sa mga* ***E2*** *sa* ***E*** *sa* ***E1*** *sa* ***B*** *sa* ***G*** *sa* ***H2*** *sa* ***J1*** *sa* ***J2*** *sa* ***I2*** *sa* ***O1*** *hangang sa puntos* ***O2.***



Back Bodice Pattern.
Paglikod ng Pangtaas na Padron.



Zipper Allowance.
Palugit sa Siper

Kadalasan, ang siper ay nakakabit sa kalagitnaan ng damit. Galing sa dulo ng padron na papel, ***lumabas*** *ng 1 pulgada (2.5 sm.) at* ***gumuhit*** *ng tuwid na linya paayon o pababa para sa palugit o palabis o pataan ng siper.*

Guide Line.
Patnubay na Linya.

A — *Galing sa itaas na kanto ng padron na papel sa palabis o pataan ng siper,* ***bumaba*** *ng 1 pulgada (2.5 sm.).* ***Markahan*** *itong puntos A. Galing sa puntos A,* ***gumuhit*** *ng tuwid ng mga hanggang 10 pulgada (25.5 sm.).*

Neck.
Leeg.

B *Galing sa puntos **A**, **lumabas** ng 2 ½ na pulgada (6.4 sm.). **Markahan** ito ng puntos **B**.*

C *Galing sa puntos **A**, **bumaba** ng 1 pulgada (2.5 sm.). **Markahan** ito ng puntos **C**.*

D *Galing sa puntos **C**, **lumabas** ng 2 ½ na pulgada (6.4 sm). **Markahan** ito ng puntos **D**.*

B-D ***Pagkabitin** ang mga puntos **B** at **D** ng tuwid na linya.*

C-D ***Pagkabitin** ang mga puntos **C** at **D** ng tuwid na linya.*

D1 *Galing sa puntos **D**, **tumaas** ng pahilis ng ½ na pulgada (1.3 sm.). **Markahan** ito ng puntos **D1**.*

Neck Line Curve.
Linya ng Kurbada ng Leeg.

***Pagkabitin** ang mga puntos **B** at **D1** at **C** ng pabahagyang bilog na linya, na bumibilog sa bandang puntos **D1**.*

Shoulder Line.
Linya ng Balikat.

E *Galing sa puntos **A**, **kunin** ang 1/2 ng sukat ng balikat. **Markahan** ito ng puntos **E**.*

F *Galing sa puntos **E**, **bumaba** ng 1 ¾ na pulgada (4.4 sm.). **Markahan** ito ng puntos **F**.*

B-F ***Pagkabitin** ang mga puntos **B** at **F** ng tuwid na linya.*



Adjustment of Neckline Curve.
Pag-aakma o Pag-aayos ng Kurbada ng Linya ng Leeg.



*Ang pag-akma o pag-ayos ng guhit ng leeg ay kapag ang guhit ng balikat ay nagawa na. Ito ay importante para ang angulo ng guhit ng balikat ay hindi maiba. Sa ilustrasyon ng guhit ng leeg sa nakaraang pahina, yaong sukat ng pigurang maliit (small) ang ginamit, kaya ang 'pag-aakama' o 'pag-aayos' ay kakailanganin sa mga ibang sukat ng pigura. Bawat isang pag-aakma o pagsasaayos ng bawat isang sukat na pigura ay ¼ na pulgada (0.6 sm.) ang ina-akma o isina-saayos sa puntos **B** at puntos **C** sa kaukulang sukat ng mga pigura. Para sa ekstra na maliit na pigura, ituloy ang guhit pataas para mapanatili ang angulo ng linya at iakma o isaayos ng ¼ na pulgada (0.6 sm.) sa puntos **B**. Pagkatapos'ay pagdugtungin ang mga puntos na ini-akma o isina-ayos. **Markahan uli** ang ini-akma o isina-ayos na mga kanto na mga puntos **B** at **C**.*

Back Chest Level for Dress without Sleeves.
Kapantayan ng Itaas ng Likod ng Dibdib na Damit na Walang Manggas.

G *Galing sa puntos **A**, **bumaba** ng....*

5 na pulgada (12.7 sm.)	*para sa ekstra na maliit na pigura*
5½ na pulgada (14 sm.)	*para sa maliit na pigura*
6 na pulgada (15.2 sm.)	*para sa katamtaman na pigura*
6 ½ na pulgada (16.5 sm.)	*para sa malaki na pigura*
7 na pulgada (17.8 sm.)	*para sa ekstra na malaki na pigura*

O....

Back Chest Level for Dress with Sleeves.
Kapantayan ng Itaas na Likod ng Dibdib na May Manggas.

G *Galing sa puntos **A**, **bumaba**....*

5 ½ na pulgada (14 sm.)	*para sa maliit na pigura*

6 na pulgada (15.2 sm.)	*para sa maliit na pigura*
6 ½ na pulgada (16.5 sm.)	*para sa katamtaman na pigura*
7 na pulgada (17.8 sm.)	*para sa malaki na pigura*
7 ½ na pulgada (19.1 sm.)	*para sa ekstra na malaki na pigura*

***Markahan** ito ng puntos **G**. Galing sa puntos **G**, **gumawa** ng tuwid na guhit na palabas ng mga hanggang 10 pulgada (25.5 sm.).*

G1 *Galing sa puntos **E**, **gumawa** ng tuwid na guhit na putol-putol patungo sa linya **G** na kapantayan ng itaas na likod ng dibdib. **Markahan** ng puntos **G1**.*

G2 *Galing sa puntos **G**, **kunin** ang 1/2 ng sukat ng itaas ng likod ng dibdib. **Markahan** ito ng puntos **G2**. [Kung ang sukat ng itaas ng likod ng dibdib 'back chest' ay wala, gamitin na lang ang istandard o huwaran, na ibig sabihin galing puntos **G1**, **lumabas** ng ¼ na pulgada (0.6 sm.) o hangang ½ na pulgada (1.3 sm.). **Markahan** ito ng puntos **G2**.]*

Back Armhole/Bust Level for a Dress without Sleeves.
Kapantayan ng Likod na 'Armhole'/ Kabilugan ng Dibdib para sa Damit na Walang Manggas.

H *Galing sa puntos **A**, **bumaba**....*

8 na pulgada (20.3 sm.)	*para sa ekstra na maliit na pigura*
8 ½ na pulgada (21.3 sm.)	*para sa maliit na pigura*
9 na pulgada (22.9 sm.)	*para sa katamtaman na pigura*
9 ½ na pulgada (24.1 sm.)	*para sa malaking pigura*
10 na pulgada (25.4 sm.)	*para sa ekstra na malaki na pigura*

Back Armhole/Bust Level for a Dress with Sleeves.
Kapantayan ng Likod na "Armhole"/Kabilugan ng Dibdib para sa Damit na May Manggas.

H Galing sa puntos **A, bumaba** ng...

8 ½ na pulgada (21.6 sm.)	*para sa ekstra small pigura*
9 na pulgada (22.9 sm.)	*para sa maliit na pigura*
9 ½ na pulgada (24.1 sm.)	*para sa medium pigura*
10 na pulgada (25.4 sm.)	*para sa malaki na pigura*
10 ½ na pulgada (26.7 sm.)	*para sa ekstra na malaki ng pigura*

***Markahan** ito ng puntos **H**. Galing sa puntos **H**, **gumuhit** ng tuwid na hangang mga 15 na pulgada (38 sm.). Ito ang magiging 'level' o kapantayan ng 'armhole' at kapantayan ng dibdib. **[Para maging Simple**: Ang diperensiya sa (level)*

kapantayan ng likod at ng harap na 'armhole' ay 1 pulgada (2.5 sm.). At ang diperensiya ng (level) kapantayan ng 'armhole' sa damit na may manggas at sa damit na walang manggas ay ½ na pulgada (1.3 sm.) sa bawat sukat ng pigura.]

Bust for Fitted (around the bust) Dress without Sleeves.
Kabilugan ng Dibdib para sa Hapit na Damit na Walang Manggas.)

H1 *Galing sa puntos* ***H***, ***kunin*** *ang 1/4 ng sukat ng dibdib.* ***Markahan*** *ito na puntos* ***H1***.

H2 *Galing sa puntos* ***H1***, ***magbawas*** *ng ½ na pulgada (1.3 sm.). Itong sukat ay hiniram para idagdag sa harap ng pang itaas para sa kaunting kaluwagan ng dibdib.* ***Markahan*** *ito na puntos* ***H2***. ***Iekis*** *ang puntos* ***H1***. *[Itong ½ na pulgada (1.3 sm.) ay yuong idinagdag sa harap para sa kaunting kaluwagan ng dibdib.]*

Bust for Relaxed (around the bust) Dress without Sleeves.
Kabilugan ng Dibdib na Maluwag para sa Damit na Walang Manggas.

H1 *Galing sa puntos* ***H***, *magdagdag ng 1 na pulgada (2.5 sm.) sa sukat ng kabilugan ng dibdib. Pagkatapos magdagdag ng 1 na pulgada (2.5 sm.),* ***kunin*** *ang 1/4 na sukat ng kabilugan ng dibdib.* ***Markahan*** *ito na puntos* ***H1***.

H2 *Galing sa puntos* ***H1***, ***magbawas*** *ng ½ na pulgada (1.3 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***H2***. ***Iekis*** *ang puntos* ***H1***.

Bust for a Fitted Dress with Sleeves.
Kabilugan ng Dibdib para sa Hapit na Damit na may Manggas.

H1 *Galing sa puntos* ***H***, ***magdagdag*** *ng 2 na pulgada (5.1 sm.) sa sukat ng kabilugan ng dibdib.* ***Markahan*** *ito na puntos* ***H1***.

H2 *Galing sa puntos* ***H1***, ***magbawas*** *ng ½ na pulgada (1.3 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***H2***. ***Iekis*** *ang puntos* ***H1***.

Armhole Curve.
Kurbada ng 'Armhole'.

I ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***F*** *at* ***G2*** *ng putol-putol na linya.* ***Ituloy-tuloy*** *ang linyang putol-putol na galing sa mga puntos* ***F*** *at* ***G2*** *patungo sa kapantayan (level) ng dibdib na nasa mga puntos* ***H*** *at* ***H2***. ***Markahan*** *ito na puntos* ***I***.

F-G2 ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***F*** *to* ***G2*** *ng linya na bahagyang kurbado na ginagamit ang 'armhole curve' o ang sariling pagguguhit.*

G2-H2 ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***G2*** *at* ***H2*** *ng bilugan kurba patungo sa bandang puntos* ***I****, na ginagamit ang 'armhole curve' o ang sariling pagguguhit.*

Back Figure.
Likod na Pigura na Pangtaas.

J ***Gamiting*** *batayan ang pang-itaas na harap ng padron.* ***Kunin*** *ang sukat na namamagitan sa mga puntos* ***I*** *at* ***N1****. Ilipat ito sa likod ng padron, simula sa puntos* ***H*** *pababa.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***J****. Ito ang magiging pansamantalang kapantayan (level) ng likod na pigura sa pangtaas.* ***Gumuhit*** *ng tuwid na linya na may sukat ng mga hanggang 10 na pulgada (25.5 sm.).*

Waist
Baywang.

K *Galing sa puntos* ***J****,* ***kunin*** *ang 1/4 ng sukat ng baywang.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***K****.*

K1 *Galing sa puntos* ***K****,* ***magdagdag*** *ng ¼ na pulgada (0.6 sm.), para sa kunting kaalwanan ng baywang.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***K1****.*

K2 *Galing sa puntos* ***K1****,* ***gumuhit*** *ng tuwid na linya na pababa patungo sa mga 2 pulgada (5 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***K2****.*

K3 *Galing sa puntos* ***K1****,* ***gumuhit*** *ng tuwid na linya na pataas patungo sa mga 3 pulgada (7.6 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***K3****.*

K3-K2 ***Ipagkabit*** *ang mga puntos* ***K3*** *at* ***K2*** *ng tuwid na linya.*

Side Seam.
Dugtong sa Tagiliran.

K4 ***Tingnan*** *ang nagawang pangtaas na* ***harap*** *na padron.* ***Isara*** *ng pahalang ang 'bust darts' sa pamamagitan ng pag-aaspili nito. Kapag naaspili na ang 'bust darts' ay* ***sukatin*** *ang agwat ng puntos* ***I2*** *sa* ***O1****.* ***Magbawas*** *ng 1/8 na pulgada (0.3 sm.).* ***Ilipat*** *itong sukat sa likod ng pang-itaas na pardong pangharap, simula sa* ***H2*** *hanggang kung saan ang sukat ng dugtong sa tagiliran (side seam) ng harap tumama sa padron ng likod, maskisaan ito tumama sa linya ng puntos* ***K3*** *hanggang* ***K2****.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***K4****. (Kung ang puntos* ***K4****, ay titigil sa puntos* ***K1****, panatiliin itong linya ng baywang sa puntos* ***J*** *to* ***K1****.* ***Iekis*** *lang ang*

*puntos **J** at palitan ng puntos **K5**. At **iekis** ang puntos **K1** at palitan ng puntos **K4**. Ito ay para madaling masundan ang mga nalalabing panukala.*

*[**Para maging simple:** **Aspilihin** ang 'bust darts' ng pangtaas na harap na padron. **Pantayin** ang dugtong ng tagiliran 'side seam' ng pangtaas na* harap na padron *sa dugtong ng tagiliran 'side seam' ng pangtaas na* likod na padron, *sa pamamagitan ng **paglapat** ng kanto ng* harap na padron *(puntos **I2**) sa kanto ng* likod na padron *(puntos **H2**). **Pigilan** yoon pagkalapat ng kaliwang sintuturo. Pagkatapos **iurong** yoong ibaba ng* harap na padron *ng kanan kamay hangang ang puntos **O1** ay **na kapatong** sa linya sa gitna ng mga puntos **K3** at **K2** ng* likod na padron. *Kung saan man ang puntos **O1** **pumatong** (sa gitna ng mga puntos **K3** at **K2**) ay dapat **markahan** ng puntos **K4**. Sa ganitong pamamaran ay hindi na kailanga magbawas ng 1/8 na pulgada (0.3 sm.).]*



***Ipagkabit** ang mga puntos **H2** at **K4** ng parte ng 'curve ruler' na may bahagyang uka. Ang dugtong sa tagiliran ng likod (side seam) ay mula sa puntos **H2** hanggang sa puntos **K4**.*

Waistline Adjustment.
Pagaakama ng Linya ng Baywang.

K5 *Galing sa puntos **K4**, **gumuhit** ng tuwid na linya patunggo sa sentro ng likod. **Markahan** ito ng puntos **K5**.*

K5-K4 ***Ipagkabit** ang mga puntos **K5** at **K4** ng tuwid na linya. Ito na ang linya ng baywang. **Iekis** na ang linya ng puntos **J** hanggang puntos **K1**, para hindi maguluhan.*

***Putulin** ang likod na padron mula sa **palugit ng sipper** patungo sa puntos **C – D1 – B - F – G2 – H2 – K4 – K5** hanggang sa palugit ng sipper.*



Front Skirt Pattern.
Padron ng Harap na Palda.

Waist.
Baywang.

A *Galing sa pinakataas ng dulo ng papel na padron, **bumaba** ng 1 pulgada (2.5 sm.). **Markahan** ng puntos A, **gumuhit** ng tuwid na mga hanggang 10 na pulgada (25.5 sm.). Ito ang magiging kapantayan (level) ng baywang.*

B *Galing sa puntos **A**, [ito ay yuong kapantayan (level) ng baywang], **kunin** ang 1/4 ng sukat ng baywang. **Markahan** ito ng puntos **B**.*

C *Galing sa puntos **B**, **lumabas** ng 1 pulgada (2.5 sm.). **Markahan** ito ng puntos **C**. Itong palugit o pataan ay*



para sa palugit ng 'dart' na idinadagdag at inimamarka sa loob ng padron.

D *Galing sa puntos **A**, **bumaba** ng ¼ na pulgada (0.6 sm.) kapag ang puson ay patag, o ½ na pulgada (1.3 sm.) kapag ang puson ay bilugan. **Markahan** ito ng puntos **D**.*



D-C ***Pagkabitin** ang mga puntos **D** at **C** ng maypagkabahagyan kabilugan ng parte ng 'curve ruler' Itong pag-aakma or pag-aayos ng baywang ay dahil sumusundan natin ang hugis ng tiyan.*

Dart.
'Dart'

E *Galing sa puntos **A**, **kunin** ang 1/8 na sukat ng baywang (1/8 ay 1/2 ng 1/4 ng sukat). **Markahan** ito ng puntos **E**.*

F *Galing sa puntos **E**, **lumabas** ng ½ na pulgada (1.3 sm.) para sa puntos ng 'dart'. **Markahan** ito ng puntos **F**.*

G *Galing sa puntos **E**, **lumabas** ng ½ na pulgada (1.3 sm.) para sa puntos ng 'dart'. **Markahan** ito ng puntos **G**.*

H *Galing sa puntos **E**, **gumuhit** ng tuwid na linya pababa ng mga 5 ½ na pulgada (14 sm.). **Markahan** ito ng puntos **H**.*

F-H ***Pagkabitin** ang mga puntos **F** at **H** ng tuwid na linya.*

G-H ***Pagkabitin** ang mga puntos **G** at **H** ng tuwid na linya.*

Lower Hip.
Kababaang Balakang.

I *Para makuha ang babang balakang, **ilapat** ang dulo ng medida (tape measure) sa puntos **A** pababa sa...*

5 ½ na pulgada (14 sm.)	*para sa ekstra na maliit na pigura*
6 ½ na pulgada (16.5 sm.)	*para sa maliit na pigura*
7 ½ na pulgada (19.1 sm.)	*para sa katamtaman na pigura*
8 ½ na pulgada (21.6 sm.)	*para sa malaki na pigura*
9 ½ na pulgada (24.1 sm.)	*para sa ekstra na malaki na pigura*

***Markahan** ito ng puntos **I**. Galing sa puntos **I**, **gumuhit** ng tuwid na mga hanggang 15 na pulgada (38 sm.). Dito babagsak ang kapantayan ng balakang. (Kung sakali na ang kaitaasang balakang ay kakailanganin, ito ay sumasagitna sa distansiya o agwat ng kapantayan ng baywang at kapantayan ng kababaang balakang).*

J *Galing sa puntos **I**, **kunin** ang 1/4 ng sukat ng kababa-ang balakang. **Markahan** ito ng puntos **J**.*

C-J ***Pagkabitin** ang mga puntos **C** at **J** ng kabilugan part ng 'curve ruler'.*



Length of the Front Skirt.
Haba ng Harap na Palda.



K *Galing sa puntos **A**, **bumaba** hanggang sa haba ng palda na ginugusto. **Markahan** ito ng puntos **K**. Galing sa puntos **K**, **gumuhit** ng tuwid na linya hanggang mga 15 na pulgada (38 sm.). Ito ang magiging kapantayan (level) ng haba ng palda.*

L *Galing sa puntos **K**, **kunin** ang 1/4 ng sukat ng kababaang balakang, o ibaba ang sukat ng mga puntos **I** sa **J** sa mga puntos **K** sa **L**. **Markahan** ito ng puntos **L**.*

M *Galing sa puntos **K**, **bumaba** ng ¼ na pulgada (0.6 sm.) o ½ na pulgada (1.3 sm.). **Markahan** ito ng puntos **M**. Itong pag-aakma o pag-aayos ng haba ng harap ng palda ay talagang kailangan. Kung anong sukat ang ginamit sapagaakma ng baywang ay yoon din ang sukat na gamitin sa pag-akma sa haba ng harap na palda.*

M-L ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***M*** *sa* ***L*** *ng bahagyang kabilogan ng 'curve ruler'.*

O....

L1 *Kung ginugusto ang hugis na 'A-line' na palda, galing sa puntos* ***L,*** ***magdagdag*** *ng 1 ½ na pulgada (3.8 sm.) o 2 na pulgada (5 sm.).*

M-L1 ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***M*** *sa* ***L1*** *ng bahagyang kabilogan ng 'curve ruler'.*

Side Seam.
Dugtong sa Tagiliran.

J-L ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***J*** *sa* ***L*** *ng tuwid na linya.*

O....

J-L1 *Kung 'A-line' na hugis ang gusto,* ***pagkabitin*** *ang mga puntos* ***J*** *sa* ***L1*** *ng tuwid na linya. Galing puntos* ***L1,*** *ang pagkakabit ng linya ay hindi kailangan bumagsak sa puntos* ***J,*** *dahil iniiwasan natin ang angulong matulis sa linya ng dugtong sa tagiliran. Kailangan ang linya ay malinis na bumabagsak sa bandang puntos* ***J.***

Gupitin sa puntos **D** hanggang sa mga puntos **C** sa **J** sa **L** (o **L1**) at sa **M**.

Back Skirt Pattern.
Likod na Padron ng Palda.

Zipper Allowance.
Palugit sa Sipper.

Kadalasan, ang sipper ay nakakabit sa gitnang dugtong sa likod ng damit. Galing sa dulo ng papel na padron, ***lumabas*** *ng 1 na pulgada (2.5 sm.) at* ***gumuhit*** *ng tuwid pababa para sa palugit o palabis para sa sipper. Ang larawang-guhit ay makikita sa pahinang sumusunod.*

Isulat 'palugit para sa zipper' *dito para matandaan.*

Waist.
Baywang.



A *Galing sa itaas ng dulo ng padron na papel sa linya ng palabis sa sipper, bumaba ng 1 na pulgada (2.5 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***A.*** *Galing sa puntos* ***A,*** ***gumuhit*** *ng tuwid na linya na hanggang mga 10 na pulgada (25.5 sm.). Itong linyang ito ay magsisilbe na kapantayan ng baywang.*

B *Galing sa puntos* ***A*** *(na kapantayang ng baywang),* ***kunin*** *ang 1/4 ng sukat ng baywang.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***B.***

C *Galing sa puntos* ***B,*** ***lumabas*** *ng 1 pulgada (2.5 sm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***C.*** *Itong palugit na ito ay palugit para sa 'dart' na* ***idadagdag*** *at* ***imamarka*** *sa padron.*

D *Galing sa puntos* ***A,*** ***bumaba*** *ng ½ na pulgada (1.3 cm.).* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***D.***

C-D ***Pagkabitin*** *ang mga puntos* ***D*** *sa* ***C*** *ng 'curve ruler'. Itong pag-aakma o pagsa-saayos ay ginagawa sa padron ng likod na palda para masundan ang kalaliman ng likod na malapit sa sagitna na baywang.*

Dart Lines.
Linya ng 'Dart'.

E *Galing sa puntos* ***A,*** ***kunin*** *ang 1/8 na sukat ng baywang (1/8 ay 1/2 ng 1/4 ng sukat), tapos ay* ***markahan*** *ito ng puntos* ***E.*** *Ang puntos* ***E*** *ay magiging gitna ng palabis ng 'dart'.*

F *Galing sa puntos* ***E,*** ***lumabas*** *ng ½ na pulgada (1.3 sm.) para sa kalahati ng palabis ng 'dart'.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***F.***

G *Galing sa puntos* ***E,*** ***lumabas*** *ng ½ na pulgada (1.3 sm.) para sa kalahati ng palabis ng 'dart'.* ***Markahan*** *ito ng puntos* ***G.***

